# Ang Kuwento ng mga Malalayang Inahing Manok



**Ang Kuwento ng mga Malalayang Inahing Manok**

Komiks patungkol sa PNS/BAFS 312:2021 Code of Practice for Cage-free Egg Production

| | |
|---|---|
| Technical Editor: | Ms. Mary Grace R. Mandigma |
| Illustration and Comics Design: | Mr. Alexander C. Victor † <br> Ms. Alma V. Reyes |
| Story and Layout: | Ms. Sweet Jessabel M. De Guzman <br> Mr. Jan Vincent DR. Tecson |


All rights reserved. The mention of specific organizations or products does not mean endorsement or recommendation from the Bureau of Agriculture and Fisheries Standards (BAFS) in preference to others of similar nature that are not included.

The BAFS encourages the reproduction and dissemination of the materials upon request. Applications for permission to reproduce or disseminate these materials and all other queries shall be addressed to the publisher.

Published by:
Bureau of Agriculture and Fisheries Standards
BAFS Building, BPI Compound, Visayas Avenue, Diliman, Quezon City
(+632) 8928 8756 to 65 local 3301 - 3325
info.dabafs@gmail.com | bafs@da.gov.ph

ISBN 978-621-455-464-5 (PDF)

# Ang Kuwento ng mga Malalayang Inahing Manok




Orihinal na guhit ni Mr. Alexander C. Victor

*Para kay Sir Alex..*


# Ang Kuwento ng mga Malalayang Inahing Manok


## Isyu Bilang 1: Kamusta ka MAN-OK naman!








Bureau of Agriculture and Fisheries Standards


'Battery cage' ang tawag sa sistema o paraan ng pag-aalaga nila ng mga manok. Ito ay ang komersyal na paraan ng produkson.



Samantala ang paraan naman ng pag-aalaga ko ay tinatawag na 'cage-free egg production'.
Ito ay nakabatay sa mga pamantayan ng Good Animal Husbandry Practices (GAHP) at Code of Practice for Cage-free Egg Production.
Itutuloy..



Tara't bisitahin natin ang paitlugan ko nang makita mo kung paano ito naiiba sa karaniwan.
Pumunta ang magkaibigan sa lugar ng mga paitluging manok. Doon ipinaliwanag ni Matsipag ang 'cage-free' na pamamahala..
Welcome sa aking paitlugan! Bukod sa laging may nakalaan na pagkain at inumin para sa mga manok.
Ang paitlugan na ito ay may tamang sukat at sapat na espasyo.
Dito hindi siksikan ang mga manok. Sa halip na mga indibidwal na kulungan, mas maluwang na espasyo ang nakalaan para sa mga manok.
0.1 m
0.1 m
Nakalaan para sa mga manok. Dapat din mayroong 0.1 metro kuwadrado na espasyo kada isang manok.



Dahil dito, ang mga manok ay...
malayang nakakagala..
nakakapag-unat..
nakakadapo..
nakakalipad..



..at nakakapaglaro sa lupa.
Dapat mayroong mga bagay na maaaring gamiting panlibang sa mga manok tulad ng mga nakasabit na dahon, lumang 'disc', at iba pa.


Kung makikita mo itong kamada, ito ay tuyo at malinis. Kadalasan ang nilalagay ko dito ay mga ipa, dayami, kusot, tuyong dahon o kaya naman ay buhangin.


Dapat isang katlo (1/3) ng kabuuang lapag ay nilalagyan ng kamada. Kada 45 araw din ako nagpapalit nito para masigurong malinis ito.
Itutuloy..


Namangha si Matyumi sa paitlugan ni Matsipag. Kung kaya nama'y nagtanong pa siya tungkol sa disenyo at iba pang kagamitan dito.
Pansin ko rin na yung ibang bahagi ng sahig ay may mga butas butas. Ang galing kasi nakokolekta ang mga dumi ng manok sa ilalim!
1 metro
Ah yan ba? Isang metro ang lalim niyan at kapag madami-dami na ang nakolektang dumi, kinukuha ko ito para gawing pataba.
Halika dito, Matyumi. Tingnan mo naman itong mga kahon ng mga pugad o 'nest boxes'.


35 cm
35 cm
35 cm
Ito rin ay dapat malinis, protektado, at walang anumang bagay na makakapagdulot ng masama sa manok tulad ng mga alambre.
Nilalagyan ko rin ang bukana ng bawat nest box ng pantakip para dagdag proteksyon at upang mahikayat ang mga manok na mangitlog dito.
Kakaiba din itong gamit mo para sa sahig ng nest box. Ano ang tawag dito, Matsipag?
'Nest pad' ang tawag diyan. Pero pwede rin naman gumamit ng mga dayami.


Naku malapit na rin pala dumilim. Paano pala ang mga manok kapag sa gabi? Tuluy-tuloy ba ang pailaw?
Ah hindi naman. Sa bawat 24 oras, may nilalaan na anim (6) na oras sa mga manok na sila ay hindi dapat naiilawan.
Kinaumagahan naman, madalas hindi na ako gumagamit ng pailaw dahil bahagyang nasisinagan ng araw ang lugar ng mga paitluging manok.
Pansin ko rin na hindi masyadong mainit dito. Maayos ang bentilasyon.
Totoo yan. Mahirap kasi kapag nainitan o kaya naman malamigan masyado ang mga manok at baka sila'y ma-stress at magkasakit.
Regular dapat ang pag-monitor ng temperatura pati na rin ang lebel ng ammonia.
tutuloy..











Dirty egg (with bird droppings)


Cracked egg


'Fart' egg


White banded egg


Matapos makoleta at pag-uri-uriin, inilgagay ang mga ito sa malilinis na egg trays gaya nito.



Minsan nilalagyan ko rin ito ng label para malaman ng mga mamimili ang mga impormasyon tungko sa cage-free eggs na bibilhin nila. Dapat ay may katumbas na records din ang mga ito.
Cage-free eggs
Record A
Record B


Pagkatapos i-uri at ilagay sa tray ang mga itlog, nagtungo ang magkaibigan sa storage area para itago ang mga ito..
Dito ko naman tinatago ang mga itlog bago ito ibenta. Sinisiguro ko na lagi itong malinis at maaliwalas.


Kinabukasan, kinuha na nina Matsipag at Matyumi ang mga itlog para maibenta. Mahalagang maidala ito agad para masigurong ang mga itlog ay sariwa.


Gamit ang isang insulated na truck, dinala ng magkaibigan ang mga itlog sa mga pamilihan. Naibenta nila ang mga itlog sa maayos na presyo.
MASAGANA MARKET
Wakas

Para makita at ma-download ang PNS on Code of Practice for Cage-free Egg Production, magtungo sa website ng BAFS sa **www.bafs.da.gov.ph** o **i-scan ang QR code**.



## Document References

Bureau of Agriculture and Fisheries Standards. (2021). PNS/BAFS 312:2021 Code of Practice for Cage-free Egg Production

## Photo References

***Page 7***

AliExpress. (n.d.). Chicken Nesting *Pads Box Mats Grasscoopbedding Fake Cushions Washable Turf Mat Artificial Laying Boxes Poultry Pad Egg Cage* [Edited Photograph]. AliExpress. https://www.aliexpress.com/item/1005004892816609.html

***Page 8***

Alibaba. (n.d.). *Household Home Poultry Farm Equipment Humidity Thermometer* [Photograph]. Alibaba.com. https://www.alibaba.com/product-detail/Household-Home-Poultry-Farm-Equipment-Humidity_1600536269286.html

QA Supplies. (n.d.). *AR8500 Precision Ammonio ($NH_3$) Gas Detector* [Photograph]. https://qasupplies.com/ammonia-gas-detector/

Department of Agriculture

# BUREAU OF AGRICULTURE AND FISHERIES STANDARDS

*"..ensuring consumer's safety and product quality, and contributing to environmental protection, worker's welfare, and enhanced market access."*

Copyright © 2022. All rights reserved.

**ISBN 978-621-455-464-5**